# ANG KUWENTO

### Kabanata I

### Roma, Hunyo 17, 1800
### Simbahan ng Sant'Andrea della Valle

Si Cesare Angelotti, isang takas na bilanggong pulitikal, ay pumasok sa simbahan at nagtago sa kapilya ng kanyang pamilya. Pumasok ang isang pintor, si Mario Cavaradossi, upang ipagpatuloy ang kanyang pagpipinta ng larawan ni Maria Magdalena, na inspirasyon niya sa isang babaeng nakita niyang nagdarasal sa simbahan noong nakaraang araw—ang kapatid ni Angelotti, ang Marchesa Attavanti. Habang ginagampanan ng isang matandang Sakristan ang kanyang mga tungkulin sa paglilinis ng simbahan, ikinumpara ni Cavaradossi ang blonde na si Magdalene na kanyang ipinipinta sa ganda ng babaeng mahal niya na may itim na buhok, ang mang-aawit na si Floria Tosca.

Nang umalis ang Sakristan, lumabas si Angelotti sa pinagtataguan niya at humingi siya ng tulong kay Cavaradossi. Napatigil sila sa pagpasok ni Tosca, na dumating upang makita ang kanyang mahal. Itinago ni Cavaradossi ang presensya ni Angelotti mula kay Tosca dahil sa takot na maaaring sabihin ng relihiyoso na si Tosca sa kanyang Katolikong kumpisor ang tungkol sa pagtakas ni Angelotti. Sinubukan din ni Cavaradossi na pakalmahin ang pagseselos ni Tosca sa blond na si Magdalene na kanyang ipininta. Sa kanyang pag-alis, nagsimulang magplano ang dalawang lalaki, ngunit may pumutok na kanyon—isang hudyat na natuklasan na ang pagtakas ni Angelotti. Tumakas sila upang itago si Angelotti sa villa ni Cavaradossi.

Pumasok ang Sakristan at ang mga alagad, na sabik na sabik sa bagong balita tungkol sa kanilang tagumpay at sa pagkatalo ni Napoleon. Pumasok si Baron Scarpia, ang hepe ng pulisya, matapos matunton si Angelotti sa simbahan. Bumalik si Tosca at nakitang wala na ang kanyang kasintahan.
Pinagselos ni Scarpia si Tosca at sinabing may relasyon sa Marchesa ang kanyang kasintahan. Nagmadaling lumabas si Tosca upang hanapin ang pintor bago ang kanyang inaasahang pagtatanghal noong gabing iyon. Ipinadala ni Scarpia ang kanyang mga alipores upang sundan siya, na umaasa na dadalhin sila ni Tosca kay Cavaradossi at Angelotti. Inaasahan niyang parusahan ang mga rebelde at kunin si Tosca para sa kanyang sarili. Napuno ang simbahan ng masayang pulutong upang ipagdiwang ang pagkatalo ni Napoleon.

### INTERMISYON

### Kabanata II

### Palasyo ng Farnese, ang punong-tanggapan ng Scarpia

Sa hapunan, hinintay ni Scarpia si Tosca. Nang dalhin ng kanyang mga tauhan si Cavaradossi, tinanong ni Scarpia ang pintor tungkol sa kinaroroonan ni Angelotti. Wala siyang nakuhang impormasyon
at ipinadala siya sa silid ng pagpapahirap na katabi ng kanyang opisina. Nagpakita si Tosca pagkatapos ng kanyang panggabing pagtatanghal, at ipinarinig sa kanya ni Scarpia ang pagpapahirap kay Cavaradossi. Hindi niya ito matiis at sinabi niya kay Scarpia kung saan nagtatago si Angelotti. Nagmadaling umalis ang mga tauhan ni Scarpia para hulihin si Angelotti. May dumating na mensahe, na itinatama ang naunang balita: Nanalo si Napoleon, hindi natalo, sa Marengo. Si Cavaradossi, na nanghina sa labis na pagpapahirap,
ay sumigaw sa tagumpay, at pinuri ang Republika at ang bayani ng bayan. Kataksilan ang mga salita niya, at pinalabas siya ni Scarpia sa bilangguan.

Naiwan si Tosca upang makipagtawaran kay Scarpia para sa buhay ng kanyang kasintahan. Iminungkahi ni Scarpia na ipagpapalit niya ang buhay ni Cavaradossi
para sa isang sandali ng pag-ibig ni Tosca. Nilabanan siya ni Tosca at nanalangin sa Diyos para sa tulong. Ngunit, kalaunan, pinagbigyan niya ang hinihingi ni Scarpia kapalit ng pekeng pagbitay at permiso ng ligtas na paglalakbay para sa kanya at kay Cavaradossi. Habang isinusulat niya ang permiso, lumiwanag ang mga mata ni Tosca nang makita ang isang kutsilyo, at nakaisip siya ng alternatibong solusyon sa kanyang problema.

### INTERMISYON

### Kabanata III

### Sa tuktok ng Castel Sant'Angelo

Bago magbukang liwayway, naalala ni Cavaradossi ang isang gabi ng kaligayahan sa kanyang hardin kasama si Tosca. Dumating si Tosca sa bilangguan bitbit ang permiso ng ligtas na paglalakbay at ikinuwento niya kay Cavaradossi kung paano niya hinarap si Scarpia. Ipinaliwanag niya kay Cavaradossi na kailangan nilang ituloy ang palabas ng pekeng pagbitay, at itinuro niya kung paano siya dapat malaglag at magpanggap
na patay. Ngunit nang dumating ang mga sundalo para sa firing squad, na kay Scarpia ang huling halakhak. Dahil wala nang ibang opsyon, si Tosca na ang gumawa ng pinakamalaking pagsuway alang-alang sa kanyang pag-ibig.

### Makasaysayang Talababa

Sa mga taon kasunod ng Rebolusyong Pranses, ang liberal at hindi relihiyoso na Unang Republika ng Pransya ay nakipagdigma laban sa mga konserbatibong imperyo at monarkiya ng Katoliko kabilang ang Hapsburg Austria (na kumokontrol sa naging hilagang Italya nang maglaon) at ang Kaharian ng Naples (na kumokontrol sa timog Italya, kasama ang Papal States). Dahil sa kanyang mga liberal na pakikisimpatya, nagkaroon si Cavaradossi ng dosye mula sa pulisya at naging isa sa mga target ng mga awtoridad sa Roma, ang makasaysayang punong-tanggapan ng kapapahan.